7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin

8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kuwarter 1: Aralin 8 (Linggo 8)**
**TP 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Mga Manunulat:**

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal Univeristy Mindanao)
- Ainie A. Wuani

**Tagasuri**:

- Joel C. Malabanan, PhD (Philippine Normal Univeristy Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO/ KUWARTER 1/ BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (Patula) at tekstong impormasyonal (ekspositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan ng (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda at *comic book* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na pananagutan at kasanayan |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | • Nakabubuo ng isang bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda sa pamamagitan ng tekstong multimodal.<br>• Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng bayograpikal na rebyu at/o comic book sa napiling platform na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (story telling), at etikal na pananagutan at kasanayan<br>1. Naitatala ang mga tiyak na dayalog/caption na makapaglalarawan ng tauhan<br>2. Naiguguhit ang larawan ng tauhan batay sa binasang pahayag o dayalog<br>3. Naiuugnay ang mga dayalogo sa iginuhit na tauhan<br>• Nakabubuo ng isang bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda sa pamamagitan ng tekstong multimodal.<br>• Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha.<br>PAG-UNAWA AT PAGSUSURI NG MGA TEKSTONG BISWAL<br>• Nasusuri ang mga elementong biswal bilang kasangkapan sa kahulugan ng teksto: estereotipo (etnisidad at/o diaspora, uri at antas ng pamumuhay)<br>• Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng bayograpikal na rebyu at/o comic book sa napiling platform na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (story telling), at etikal na pananagutan at kasanayan |

| | |
|---|---|
| | 1. Nailalarawan ang mga kulturang Pilipino mula sa larawan<br>2. Nasusuri ang elementong biswal ng teksto<br>3. Naihahambing ang komiks sa iba pang uri ng akda<br>PAG-UNAWA AT PAGSUSURI NG MGA TEKSTONG BISWAL<br>• Nasusuri ang mga elementong biswal bilang kasangkapan sa kahulugan ng teksto: estereotipo (etnisidad at/o diaspora, uri at antas ng pamumuhay)<br>1. Naiisa-isa ang mga tauhan sa binasang akda<br>2. Naipapaliwanag ang katangian ng mga tauhan batay sa dayalogo o pananalita. |
| **C. Nilalaman** | Panitikan sa Panahon ng Katutubo (Anyong Patula)<br>Pagbuo ng isang tauhan sa binasang akda para sa comic book |
| **D. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| De Guzman, H. (n.d.). Pagbuo ng mga elementong biswal [Slideshare presentation]. SlideShare. https://www.slideshare.net/HaroldDeGuzman1/pagbuo-ng-mga-elementong-biswal<br>https://www.youtube.com/watch?v=ZdFXhDOMirI |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Panuto: Kopyahin ang tsart at itala ang sanhi at bunga na makikita/mababasa sa pangungusap sa tsart. | Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na |

1. Nag-aaral nang mabuti si Jhuztine, kaya naman nakapasa siya sa pagsusulit.
2. Naputulan sila ng kuryente, dahil sa hindi nila pagbabayad.
3. Dahil sa pagtatapon ng mga tao ng basura sa ilog ay bumaho at dumumi ang tubig nito.
4. Bunsod ng malakas na bagyo at hangin, natumba ang mga puno.
5. Bilang resulta ng COVID 19, maraming mga Pilipino ang nawalan ng trabaho.

| | SANHI | BUNGA |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |

may kinalaman sa nakaraang paksa na natalakay.

**B. Paglalahad ng Layunin**

**Panghikayat na Gawain**

**Alam Ko Ito!**

**Panuto**: Punan ang talahanayan ayon sa hinihingi. Gayahin ang pormat sa sagutang papel at sagutan.

| PAMAGAT NG AKDA | TAUHANG NAKILALA | KATANGIAN NAIBIGAN |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong:

1. Masasalamin ba sa mga tauhang nakilala ang katangian na kanilang pinagmulan? Patunayan.
2. Paano makatutulong ang mga tauhang ito sa pagpapaunlad ng sariling katangian?

**Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**
Magpakita ng mga larawan ng mga popular na tauhan sa pelikula/ palabas/telebisyon.


https://tempo.com.ph/2019/03/11/carlo-aquino-user/


https://mubi.com/en/cast/carmi-martin


https://filipinotimes.net/entertainment/2019/08/05


https://mydramalist.com/people/18429-empoy-marquez


https://www.philstar.com/entertainment/2022/10/13/2216167/bea-alonzo

Gabay na tanong:
1. Sino-sino ang nakikita sa larawan?
2. Anong katangian ang naibigan mo sa mga tauhan sa larawan?
3. Paghambingin ang mga tauhan sa palabas at akdang nabasa.

Balik-Talakay:

Sa araw na ito,

- babalikan ng klase ang mga akdang nabasa o natalakay sa nakaraang linggo.;
- kikilalanin ang mga katangian ng mga tauhang nakilala sa akda;
- ipahambing ang katangian ng mga tao sa paligid o komunidad sa mga tauhang nabasa sa akda.

- **Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**


Tauhan Mo! Tauhan Ko!
Panuto: Isulat ang pangalan sa loob ng lobo ang mga taong pangarap na makita o makausap. Pagkatapos, sa patlang na nasa loob ng kahon sagutin ang tanong. Samantala sa loob ng speech balloon, ilahad ang dahilan kung bakit ito ang nais/pangarap na makausap.



Tanong:
Bakit siya/sila ang nais/pangarap mong makausap?

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1:** PAGLIKHA AT PRESENTASYON NG TEKSTONG MULTIMODAL<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ipabasa ang sumusunod na popular na linya ng tauhan sa pelikula.<br><br>A. "Ang labo mo! Noong nakakakita ka, hindi mo ako nakita. Tapos noong nabulag ka, saka mo ako nakita..." (-Empoy, Kita Kita)<br>B. "Walang sigurado. Pero minsan kailangan mo lang maniwala. Kasi minsan maniwala ka lang, sapat na." (-Julia Barretto, Love You to the Stars and Back)<br>C. "Ako na lang... Ako na lang ulit..." (–Bea Alonzo, One More Chance)<br>D. "Ang mundo ay isang malaking Quiapo... Maraming snatcher, maagawan ka... Lumaban ka..." (-Carmi Martin, No Other Woman)<br>E. Akala mo lang wala... Pero meron, meron, meron!" (-*Carlo Aquino, Bata-bata Paano Ka Ginawa)*<br><br>Mga gabay na tanong:<br>1. Sino-sino ang mga tauhan/personalidad sa mga dayalogong binasa?<br>2. Pamilyar ka ba sa mga tauhan? Kung oo, anong katangian ng tauhan ang iyong naibigan? Kung hindi, ano naman ang gusto/nais mong katangian na taglay ng tauhan?<br>3. Alin sa mga katangian ng tauhan ang maihahambing mo o taglay mo rin? Patunayan.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Gawain 1: Gamit ang *Think-Pair-Share*, pag-usapan ang sumusunod:<br><br>1. Tauhan/ karakter na paborito<br>2. Popular na dayalog ng tauhan<br>3. Pag-uugali o kilos ng tauhan<br><br>Gawain 2: Panoorin ang bidyu sa pagbuo ng komiks sa link na ito: | Sa gawaing ito maaaring magtawag ang guro ng mga mag-aaral na gustong bumigkas sa mga mga tanyag na linya ng mga artista sa pelikula. Gawing kawili-wili ang gawaing ito.<br><br>Ipabahagi sa klase ang napag-usapan. |

https://www.youtube.com/watch?v=ZdFXhDOMirI
Gamit ang grapikong presentasyon, magpabigay ng kaugnay na konsepto/ impormasyon tungkol sa salitang nasa loob ng bilog.




Gabay na tanong:

1. Ano ang *comic book? brochure*?
2. Paano magkakaugnay ang *comic book* at *brochure?*
3. Ilahad ang kahalagahan ng kaalaman at kasanayan sa pagbuo ng *comic book brochure.*

**a. Paglalapat at Pag-uugnay**

Gawain 1: Tauhan Mo! Ilarawan Mo!
Panuto: Punan ang hinihinging impormasyon sa tauhang napili/nakilala mo sa talakayan.


| IMPORMASYON | SAGOT |
|---|---|
| Pangalan | |
| Pisikal na paglalarawan | |
| Paglalarawan batay sa kilos | |
| Pag-uugali na gusto/nais | |
| Relasyon sa ibang tauhan | |

Mga gabay na tanong:

1. Ano ang naging batayan mo sa pagbuo ng tauhan?
2. Paano nakatulong ang mga impormasyon sa pagbuo o paglikha ng tauhan?

Gawain 2: Speech Mo!

Panuto: Balikan ang mga popular na pahayag na tinalakay. Iangkop sa mga halimbawa ng mga pahayag sa uri ng speech balloon. Kopyahin ang pormat sa pagsagot



**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2:** PAG-UNAWA AT PAGSUSURI NG MGA TEKSTONG BISWAL

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**




Kinuha mula sa: slideshare.net/slideshow/ppcang-komiksppptx/253289231

Mga gabay na tanong:

1. Ano ang nangibabaw na katangian ng bansa sa larawan?
2. Masasalamin ba mula sa larawan o *comic book* ang pagpapahalagang kultura?
3. Dapat bang isaalang – alang ang guhit at pahayag sa larawan?

Pagkatapos magkaroon ng presentasyon ang guro, iproseso ang mga tanong sa klase.

1. Alin sa mga pahayag/dayalog ang pinakagusto mo? Bakit?
2. Anong katangian ng tauhan ang nabuo mula sa mga pahayag?
3. Paano mo inuugnay ang uri ng speech balloon sa pahayag ng tauhan?


| | | |
|---|---|---|
| | Balikan ang halimbawa ng pabalat ng komiks at talakayin ang sumusunod sa klase.<br><br>Mga tanong:<br>- Ano ang tawag sa nakikitang larawan?<br>- Isa-isahin ang mga elementong taglay ng larawan.<br>- Masasalamin ba sa larawan ang kultura o pagpapahalagang Pilipino? Patunayan.<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>• Ipasuri ang mga larawan sa unang bahagi (komiks) at ipasagot ang gawain.<br><br>Komiks Ko!Suriin Mo!<br><br>Panuto: Punan ang hinihinging impormasyon sa talahanayan. | |

| URI NG KOMIKS | PAMAGAT NG KOMIKS | BILANG NG FRAME | KAHON NG SALAYSAY | URI NG LOBO NG USAPANG GINAMIT |
|---|---|---|---|---|
| Alternative comic books | | | | |
| Horror | | | | |
| Manga | | | | |
| Action | | | | |
| Science fiction/Fantasy | | | | |

| | | |
|---|---|---|
| | Gabay na tanong:<br>1. Anong kultura o pagpapahalaga ang taglay ng mga komiks?<br>2. Ano-anong elemento ng larawan/komiks ang nagpapakita ng estereotipo? Patunayan.<br>- etnisidad<br>- diaspora,<br>- uri; at<br>- antas ng pamumuhay | Matapos ma proseso ang gawaing ito. Maaaring ipagawa ang gawaing ito.<br><br>Ipasulat sa *meta cards* or strips of paper ang mga salita na may kaugnayan sa paksa- COMICS AT PAGBUO NG COMIC BOOK BROCHURE at pagbibigay ng katangian ng<br><br>TAUHAN.<br><br>Pagkatapos ng gawain ay tatalakayin ng guro ang tungkol sa komiks at paraan ng pagbuo ng cover ng isang comic book. Maaaring balikan ang |

**Paglalapat at Pag-uugnay**

Ipahambing ang komiks sa iba pang katutubong akdang pampanitikan na tinalakay. Ipagamit ang venn diagram sa paghahambing.



bidyu sa pagbuo ng komiks na pinanood sa nakaraang tagpo.

- Pamagat
- Kuwadro/ frame
- Kahon ng salaysay
- Lobo ng usapan

Gawing gabay ang rubriks sa pagmamarka sa gawaing ito.

**RUBRIK SA PAG-UULAT**

| PAMATAYAN | (5) Napakusay | (3) Mahusay | (1) Nangangailangan |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Ang mga datos na inilahad ay nagpapakita ng angkop na detalye. | May mga datos/gawain na hindi gaanong nagpapakita ng kaangkupan. | Lahat ng inilahad ay higit na nangangailangan ng kaangkupan sa gawain. |
| **Kalinawan ng presentasyon** | Napakahusay ng ginawang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Hindi malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. |
| **Kooperasyon** | Lahat ng miyembro ng pangkat ay may pagkakaisa ay maayos ang ipinakitang presentasyon. | Dalawa sa miyembro ng pangkat ay hindi maayos na nakiisa. | Hindi maayos ang presentasyon dahil sa hindi nakita ang pagtutulungan ng bawat miyembro. |
| **Kabuoan** | | | |

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**


1. **Pabaong Pagkatuto**

Ipasusuri ang mga piling tauhan sa popular na komiks. Ipagamit ang talahanayan sa pagsagot.

**GAWAIN SA PAGKATUTO BILANG 7: POPULAR NA TAUHAN**

**PANUTO**: Punan ang hinihingi sa talahanayan batay sa mga popular na komiks sa Pilipinas.

| Pamagat ng Komiks | Tauhan sa Komiks | Lumikha/ gumuhit sa Tauhan | Katangian |
|---|---|---|---|
| Bondying | | | |
| Varga | | | |
| Darna | | | |
| Pugad Baboy | | | |
| Kenkoy | | | |
| At iba pa | | | |

| | | |
|---|---|---|
| | Talakayin:<br>1. Alin sa mga nilikha o nakilalang tauhan sa komiks ang naibigan? Bakit?<br>2. Anong kultura o pagkakakilanlan sa tauhan ang maaaring ihambing sa sarili? Patunayan.<br>3. Paano makatutulong ang mga tauhang ito sa paglikha ng sarili tauhan?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Gamit ang dayagram, ipatala ang natutuhan tungkol sa komiks at paglikha ng sariling tauhan.<br> | Ipabahagi sa klase ang kasagutan sa bahaging ito. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Iguhit Likhang Tauhan Mo!<br>Panuto: Ipakilala ang tauhang gamit ang character profile at iguhit sa malinis na papel.<br> | Pagkatapos maisagawa ang gawaing ito, balikan ang napiling tauhan sa naunang gawain at gamitin gabay ang sumusunod sa pagbuo ng Cover ng isang komiks. Angkupan ng pamagat ang nalikha o naiguhit na tauhan. Sa isang frame kuwadro, ipaguhit sa gitna ang napiling tauhan at kung maaari ang iba pang tauhan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Iguhit Mo Cover Ko!<br>Panuto: Balikan ang napiling tauhan sa naunang gawain at gamitin gabay ang sumusunod sa pagbuo ng Cover ng isang komiks. Angkupan ng pamagat ang nalikha o naiguhit na tauhan. Sa isang frame kuwadro, iguhit sa gitna ang napiling tauhan kung maaari ang iba pang tauhan. | | | |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.pagtuturo. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o |

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |